

Magulang / Tagapangalaga**Pagkilala sa Pangongolekta ng Data para sa
2026-2027**

Ang Department of Early Childhood (DEC) ng Lungsod at County ng San Francisco ang nagpopondo sa mga programa sa maagang edukasyon at pangangalaga sa bata, kabilang ang mga programang pinapasukan ng inyong anak/mga anak. Para matanggap ang pondong ito, kinakailangang kolektahin at ibahagi ng programa ang impormasyon sa ibaba sa Lungsod at County ng San Francisco tungkol sa lahat ng mga batang kalahok sa programa. Ginagamit ng DEC ang impormasyong ito upang maunawaan kung paano sinusupportahan ng mga programa ang mga pangangailangan ng mga bata at pamilya at upang mapabuti ang mga serbisyo. Maaaring mangalap ng impormasyon sa iba't ibang paraan kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga dokumentong papel, mga pag-uusap o panayam, mga elektronikong plataporma (tulad ng SurveyMonkey), o sa pamamagitan ng mga digital na aplikasyon (tulad ng Sparkler). Ang impormasyong ito ay hindi ibabahagi sa labas na lampas ng Lungsod at County at mga kasosyo nito maliban kung may nakasulat na pahintulot mo. Kabilang sa mga kasosyo ang mga nagbibigay ng direktang serbisyo sa programa, nagpapanatili ng mga sistema ng data ng DEC, at sumusuri sa mga programa at serbisyo ng DEC.

- Pangalan, petsa ng kapanganakan, lahi/etnisidad, at wika ng inyong anak
- Pangalan ng magulang/tagapag-alaga at tirahan o katayuan bilang walang tirahan/walang matitirahan
- Ang numero ng telepono at email address ng magulang/tagapag-alaga
- Mga petsa ng pagpapa-enroll sa programa ng iyong anak
- Iba pang mga mapagkukunan ng suporta sa pondo ng programa (tulad ng pondo ng estado o pederal)
- Kung ang iyong anak ay may mga espesyal na pangangailangan at, kung gayon, anong mga uri ng mga espesyal na pangangailangan
- Kung ang iyong anak ay nasa panganib ng pang-aabuso o kapabayaan
- Ang laki ng iyong pamilya at antas ng kita
- Ang mga petsa at resulta ng mga pagsusuri at pagtatasa ng pag-unlad, tulad ng Ages and Stage Questionnaire (ASQ) at ang Desired Results Developmental Profile (DRDP)
- Ang petsa ng mga conference ng magulang at guro

Sa pamamagitan ng pagpapa-enroll sa site na ito, na tumatanggap ng pondo ng DEC, ang iyong anak ay maaaring mabigyan ng benepisyo ng pagpapayaman sa sining at literasiya, screening sa kalusugan at ngipin, at screening at interbensyon sa pag-unlad, at ang site at ang mga kawani nito ay maaaring makatanggap ng mas mataas na sahod at benepisyo, coaching, at konsultasyon sa kalusugan ng isip. Ang mga serbisyong ito ay naglalayong mapabuti ang kalidad ng programa at suportahan ang pag-aaral ng inyong anak.

Ang aming patakaran sa data ay **HINDI MAGBABAHAGI** ng impormasyon sa mga pribadong korporasyon o kumpanya sa marketing, o mga ahensya ng koleksyon at kredito. Kami rin **HINDI MAGBABAHAGI** ng iyong data sa hustisyang kriminal, mga korte ng pamilya, Immigration and Customs Enforcement, IRS, at DMV, maliban kung binigyan ng isang partikular na legal na mandato na gawin ito. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa pangongolekta at privacy ng data, mangyaring makipag-ugnayan sa DEC sa 415-355-3670.

Isinasaad ng aking lagda sa ibaba na nabigyan ako ng pagkakataong suriin ang "Pagkilala sa Pagkolekta ng Data."

Pangalan ng Bata (Pakisulat nang naka-print): _____

Petsa ng Kapanganakan ng Bata: _____

Lagda ng Magulang o Tagapangalaga: _____ **Petsa:** _____

Pangalan ng Early Education / Child Care Program (Pakisulat nang naka-print): _____